


1

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 6:
Pagpapahayag ng Isang Ideya
sa Pamamagitan ng mga Iba't
ibang Simbolo



MTB - MLE – Unang Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 6: Pagpapahayag ng Isang Ideya sa Pamamagitan ng mga Iba't ibang Simbolo

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Olive L. Benitez
Editor:	Mercy Acupido-Pablo, Leodegaria Laud-Reyno, Maricor G. Lopez, Ana A. Rubang
Tagasuri:	Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
Tagalapat:	Paolo Jericoh T. Baquiran
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas Jessie L. Amin Octavio V. Cabasag Rizalino G. Caronan James D. Pamittan Romel B. Costales Rodrigo V. Pascua Mariatess B. Baquiran Maria Christina A. Acosta Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500

Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 6:
Pagpapahayag ng Isang Ideya
sa Pamamagitan ng mga Iba't
ibang Simbolo

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan.

Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang maipahayag ang isang ideya sa pamamagitan ng mga iba't ibang simbolo, halimbawa, mga guhit at imbentong pagsusulat.

Dito matutuhan kung paano mabubuo ang isang pantig, salita , parirala at pangungusap.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagpapahayag ng isang ideya sa pamamagitan ng mga iba't ibang simbolo, halimbawa, mga guhit at imbentong pagsusulat.
- Pagkatuto ng mga paraan ng pabuo ng pantig at pagbabasa ng may wastong bilis at kawastuhan.

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- maipahayag ang isang ideya sa pamamagitan ng mga iba't ibang simbolo, halimbawa, mga guhit at imbentong pagsusulat.
- Nakababasa ng mga salitang nababagay sa iyong antas.




Subukin

Nakaramdam ka na ba kalungkutan, kasiyahan, pagkagalit o kaya pagkatakot? Kung gayon, kaya mong gawin itong unang gawain. Alam ko na naranasan mo ang mga ito kaya mabibilugan mo ang nagpapakita ng emosyon.

Gawain 1

Ituro ang mga larawang nagpapakita ng emosyon. Sabihin kung ito ay kalungkutan, kasiyahan, pagkagalit at pagkatakot.





Balikan

Basahin nating muli nang malakas ang kuwento tungkol kay Lora.

Ang Lobo ni Lora

Paglabas ng simbahan nakakita si Lora ng lobo at binilang niya ito.

Nagpabili si Lora ng limang lobo sa kanyang mga magulang.

Binilhan ni Mang Lino si Lora ng limang lobo dahil ipapasalubong niya ang iba sa kanyang mga kapatid. Lumipad ang dalawang lobo na nabili ni Lora.

Sagutin nang pasalita ang mga sumusunod na tanong.

1. Saan nagpunta ang mag-anak?
2. Ano ang ipinabili ni Lora pagkatapos nilang magsimba?
3. Ano ang nangyari sa lobo na ipinabili niya?
4. Iguhit ang mukha ni Lora nang lumipad ang kanyang lobo sa malinis na papel.



Tuklasin

Pagod ka na ba?. Umawit muna tayo ng “Ako ay may Lobo”. O hayan, handa ka na?

Makinig ka nang mabuti at babasahin ni nanay o tatay ang mga salita. Ituro ang larawang angkop sa salita.


Muling basahin ang pangalan ng bawat larawan.

1.



* lobo

2.



* masaya

3.



* puno




Suriin

Nakinig ka ba nang mabuti kina nanay o tatay habang binabasa ang mga salita?

Tama ba ang mga sagot mo?

Ano ang naramdaman mo noong nakita mo ang mga larawan ng mga salita, nalungkot ka ba o natuwa?

Iba't ibang emosyon ang nararamdaman natin araw-araw, depende sa ating nakikita, nakakausap, kinakain at mga pangyayari na nagbibigay sa atin ng kasiyahan, kalungkutan, pagkagalit o pagkalungkot.



Pagyamanin

Makinig nang mabuti sa nanay o tatay at sabihin kung anong emosyon ang nararamdaman sa mga pangyayari o sitwasyong nakalahad.

1. Mataas ang nakuhang puntos sa pagsusulit.
a. galit b. tuwa c. lungkot

2. Hindi nakapasok sa paaralan dahil may sakit.
a. sakit b. gulat c. takot

3. Binilhan ni nanay ng bagong damit ang mga anak.
a. tuwa b. galit c. inggit

4. Namasyal sa parke ang buong pamilya.
a. lungot b. sakit c. saya

5. Biglang nawala ang kuryente sa kalagitnaan ng panonood.
a. takot b. gulat c. inggit



Isaisip

Ang pagkatuto sa isang bagay ay nagsisimula sa pakikinig. Pakikinig ang susi upang maisagawa nang mahusay ang mga gawain.

Gayundin ang ugaling pagsunod sa mga magulang. Kung marunong kang sumunod at makinig habang tinuturuan, mabilis mong matututuhan ang mga aralin natin. Isaisip at isapuso ang pinag-aaralan upang kumintal sa iyong isipan.

Katulad ng pagpapahayag ng isang ideya sa pamamagitan ng iba't ibang simbolo, halimbawa, mga guhit at imbentong pagsusulat , pagkatuto sa mga tunog ng mga letra ng alpabeto at pagbigkas sa bawat pantig na matututuhan mo.




Isagawa

Pagmasdan mo nga ang mga larawan. Ano kayang ideya ang kanyang ipinahihiwatig. Makinig ka kay nanay o tatay habang binabasa ang mga pagpipilian mo.

Isulat ang letra ng iyong sagot sa kuwaderno.

1.



- a. malungkot
- b. masaya
- c. takot

2.



- a. masaya
- b. galit
- c. takot

3.







- a. pinagagalitan
- b. pinagsasabihan
- c. tinatakot



Tayahin

Anong damdamin ang ipinahihiwatig ng mga larawan?
Piliin ang sagot sa kahon at isulat ang sagot sa kuwaderno.

lungkot gulat tuwa saya



Karagdagang Gawain

Isulat nang maayos ang mga sumusunod na letra.

Tandaan ang maayos na pagsulat. Isulat ang bawat letra na hindi lumalampas sa guhit. Gawin ito sa kuwaderno.

Rr

Ss

Pp



Susi sa Pagwawasto

Subukin:
Gewain 1

Pagsasabi ng emosyong ipinapakita ng itinuring mga larawang nagpapakita ng emosyon.

Balikan

Inasahang sagot

1. Simbahan
2. Lobo
3. Lumpad ang dalawang lobo
4. Paguhit ng malungkot na mukha

Tuklasin

Gewain 1

Pagdugtongin ang larawan sa kanyang pangalan

Pagmamahin

1. b
2. a
3. c
4. c
5. a

Iragawa

1. B
2. B
3. A

Tayahin

1. saya
2. tuwa
3. lungkot
4. guiat

Sanggunian

Bumasa at Sumulat 1. Author: Daisy M. Doral PhD, Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials

Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide

Department of Education. "K To12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes".Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph